

Handa na ba ang iyong tahanan at ari-arian sa klima?

Ihanda ang iyong tahanan para sa **matinding init**



Tumataas ang temperatura ng Calgary at patuloy na tataas dahil sa pagbabago ng klima. Ang mga araw ng mataas na init (ang temperatura na umaabot sa 29°C o mas mataas) ay inaasahang tataas mula sa kasalukuyang karaniwang anim na araw bawat taon hanggang sa isang karaniwang 28 araw bawat taon pagsapit ng 2050. Ang pinakamainit na araw natin ay magiging mas mainit kaysa sa naranasan natin noong nakaraan. Ang matinding init ay maaaring gawing hindi komportable o hindi matitiis ang ating panloob na kapaligiran sa pamumuhay, at maaaring magkaroon ng mga malubhang epekto sa ating kalusugan. Itinatampok ng mapagkukunang ito ang ilan sa mga pangunahing aksyon na maaaring gawin ng mga Calgaryan sa bahay upang maghanda para sa matinding init.

Tingnan ang calgary.ca/climate-ready-home upang matuto nang higit pa tungkol sa pagbabawas ng panganib sa pagbabago ng klima sa bahay.

Mga pangunahing aksyon sa pagprotekta sa tahanan (mababang gastos)



Tulongan ang mga mahihinang kapitbahay, pamilya at mga kaibigan na maghanda, at ayusin upang siyasatin sila sa panahon ng mga kaganapan sa init.



Magrehistro para sa mga alerto sa init sa iyong telepono (hal., sa pamamagitan ng paggamit ng WeatherCan app).



Alamin kung paano pinakamahasay na gamitin ang mga bintana at mga pinto upang natural na pahanginan ang iyong tahanan, lalo na sa gabi.



Pumili ng mga kasangkapang matipid sa enerhiya na gumagawa ng mas kaunting pag-aaksaya ng init. Sa panahon ng mga alon ng init, maghanda ng mga pagkain na hindi kailangang painitin dahil maaari nitong painitin ang iyong tahanan.



Magtrabaho at matulog sa mas malalamig na mga silid, tulad ng silong, kung ang mga kuwarto ay nakakatugon sa mga kinakailangang kodigo sa kaligtasan para magamit ang labasan.

Kumpletuhin ang mga simpleng pagpapahusay (katamtamang gastos)



Magtanim at magpanatili ng mga naglalagas ng dahong puno, lalo na sa tabi ng mga pader na nakaharap sa timog.



Pahusayin ang paghihigpit ng hangin sa iyong tahanan sa pamamagitan ng paglalagay o pagpapalit ng lumang pantakip na strip sa paligid ng mga pinto at mga bintanang bumubukas.



Pamahalaan ang pagtaas ng init ng araw sa pamamagitan ng paglagay ng mga kurtina, mga blind, o mga ambi sa iyong mga bintana.



Pag-isipang kumuha ng isang awdit/tatak ng enerhiya sa bahay upang makita kung saan mo maaaring mapahusay ang halaga ng pag-iinsulate ng iyong tahanan. Bisitahin ang calgary.ca/energylabel para matuto pa nang higit.



Gumamit ng mga bentilador sa kisame o mga madaling dalhin o ilipat na nakatayong bentilador.

Kumpletuhin ang mas kumplikadong mga pagpapahusay (mataas na gastos)



Isaalang-alang ang paglalagay ng heat pump. Ang mga heat pump ay hindi lamang nagbibigay ng init sa taglamig, ito rin ay medyo matipid sa enerhiya na paraan upang palamigin ang iyong tahanan sa mas maiinit na mga buwan.




Palitan ang mga sementadong lugar ng mga halaman, na sumisipsip ng mas kaunting init at mas maraming tubig. Kung muling gagawin ang iyong bubong, isaalang-alang ang paglagay ng halaman o maliwanag na kulay na bubong na sumisipsip ng mas kaunting init.



Magdagdag o pagbutihin ang iyong insulasyon sa bubong/attic para panatilihin ang iyong tahanan.



Isaalang-alang ang paglagay ng karagdagan suson sa insulasyon ng panlabas na dingding upang mapabuti ang mga kaginhawaan sa init ng iyong tahanan. Tiyaking idinisenyo ng isang propesyonal ang iyong dingding upang maiwasan ang mga isyu sa kahalumigmigan.



Pag-isipang palitan ang mga bintana ng dobleng kintab na mababang-E glazing para mapataas ang insulasyon at proteksyon sa UV. Ang mga bintanang matipid sa enerhiya ay makabuluhang babawasan ang pagtaas ng init ng araw.

Para sa higit pang impormasyon sa paghahanda sa sakuna at paggawa ng plano ng aksyon sa emerhensiya, bisitahin ang calgary.ca/getready

Ihinihanda sa pakikipagtulungan sa: